FILIPINO

# AMAZING GRACE

PANANALANGIN, PAG-AAYUNO, AT PAGTATALAGA

ENERO 6–10, 2020

# AMAZING GRACE

EVERY NATION

EVERY NATION

© 2020 ng Every Nation Churches & Ministries.
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Isinalin mula sa lathalaing Ingles ng Every Nation.

Ang lahat ng mga sipi ng mga katagang binigkas ng mga kilalang indibidwal ay isinalin sa Filipino.

Ang sipi ng Kasulatan, maliban na lamang kung binanggit, ay mula sa Ang Salita ng Diyos (ASND) Copyright 2010, 2014 ng Biblica Inc.

**EveryNation.org/Fasting    #ENfast2020**

# MGA NILALAMAN

Isang Praktikal na Gabay sa Pag-aayuno ...... 2

Ang Aking Plano ........................................... 6

PANIMULA:
Biyayang Kamangha-mangha ...................... 13

PAGHAHANDA SA PAG-AAYUNO:
Biyayang Nag-uumapaw .............................. 16

UNANG ARAW:
Biyayang Nagbibigay Katuwiran .................. 20

IKALAWANG ARAW:
Biyayang Nag-aanyaya ................................ 24

IKATLONG ARAW:
Biyayang Nagpapabanal .............................. 28

IKA-APAT NA ARAW:
Biyayang Nagbibigay Kasaganaan ............... 32

IKALIMANG ARAW: Biyayang Sapat ................ 36

PAGHINTO SA PAG-AAYUNO:
Biyayang Nagtatagumpay ............................ 40

# ISANG PRAKTIKAL NA GABAY SA PAG-AAYUNO

## Bakit Kailangang Mag-ayuno?

Ang pag-aayuno ay isang espirituwal na gawain na ginagamit ng Diyos upang ipalaganap ang Kanyang kaharian, baguhin ang kahihinatnan ng mga bayan, pasiklabin ang pagbabago, at magdala ng tagumpay sa buhay ng mga tao. Sinisimulan ng mga iglesya at *campus ministries* ng Every Nation ang bawat taon sa limang araw ng pananalangin at pag-aayuno upang magpakumbaba sa harapan ng Diyos, ilaan ang mga sarili sa Kanya sa kasalukuyang taon, at sama-samang sumang-ayon sa tagumpay na ibibigay Niya.

### Si Jesus ay nag-ayuno.

> *[1]Pagkatapos nito, dinala ng Banal na Espiritu si Jesus sa ilang upang tuksuhin ng diyablo. [2]Doon ay nag-ayuno si Jesus ng 40 araw at 40 gabi, kaya nagutom siya.* **MATEO 4:1,2**
>
> *Bumalik si Jesus sa Galilea na taglay ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Kumalat sa lahat ng lugar doon ang balita tungkol sa kanya.* **LUCAS 4:14**

Alam ni Jesus na kailangan Niya ng espirituwal na kalakasan upang matupad ang Kanyang layunin. Inihahanda tayo ng pag-aayuno para gawin ang mga ipapagawa ng Diyos sa atin.

### Ang pag-aayuno ay isang pagpapakita ng pagpapakumbaba at paglalaan ng sarili sa Diyos.

> *Doon sa tabi ng Ilog Ahava, sinabi ko sa grupo na mag-ayuno kami at magpakumbaba ng mga sarili namin sa presensya ng aming Diyos para hilingin sa kanya na ingatan kami sa paglalakbay, pati ang aming mga anak at mga ari-arian.* **EZRA 8:21**

Sa pagpapakumbaba natin sa pamamagitan ng pananalangin at pag-aayuno, natatanggap natin ang biyaya ng Diyos at nagkakaroon tayo ng daan palapit sa Kanyang puso.

**Ang pag-aayuno ay tumutulong sa atin na maging sensitibo sa Banal na Espiritu.**

> *Habang sumasamba sila sa Panginoon at nag-aayuno, sinabi ng Banal na Espiritu sa kanila, "Italaga ninyo para sa akin sina Bernabe at Saulo, dahil may ipapagawa ako sa kanila."* **MGA GAWA 13:2**

Kung ipagkakaila natin sa ating sarili ang mga likas nating hinahangad at mga makamundong libangan, tayo ay nagiging sensitibo sa tinig ng Diyos. Magagawa nating ituon sa Diyos ang ating pansin at magpasakop sa kagustuhan Niya.

**Ang pag-aayuno ay nagdadala ng pagbabagong-buhay.**

> *"... at kung ang mga mamamayan ko na aking tinawag ay magpakumbaba, manalangin, dumulog sa akin, at tumalikod sa ginagawa nilang kasamaan, diringgin ko sila mula sa langit at patatawarin ang kanilang kasalanan, at pagpapalain ko ulit ang kanilang lupain."* **2 CRONICA 7:14**

Makikita sa kasaysayan na bilang tugon sa panalangin at pag-aayuno, ang Diyos ay nagbigay sa mga bansa ng pagbangon at paglaya mula sa pagkawasak. Tumutulong ang pag-aayuno upang magtagumpay tayo sa pamamagitan ng pananalangin.

**Ang pag-aayuno ay mabuti para sa ating kalusugan.**

Dahil sa pag-aayuno, nalilinis ang sistema ng pagtunaw ng pagkain sa ating katawan. Itinuturing ng mga doktor ang pag-aayuno bilang sagot sa ilang *allergy* at sakit. Ang pag-aayuno ay tumutulong sa pagtanggal ng mga hindi magagandang adiksiyon.

# Pagpaplano sa Pag-aayuno

> *Pagkatapos, sinabi ni Josue sa mga tao, "Linisin n'yo ang inyong sarili dahil bukas ipapakita sa inyo ng Panginoon ang mga kamangha-manghang bagay."* **JOSUE 3:5**

**Manalangin**—Maglaan ng oras sa pagbabasa ng Bibliya bago ang pag-aayuno. Hingin sa Banal na Espiritu na gabayan ka sa iyong mga panalangin. Sa mga pahina 8–10, isulat ang mga ipinapanalangin mo para sa iyong pamilya, mga kaibigan, iglesya, at bayan.

**Magpasya**—Ipanalangin ang uri ng pag-aayuno na gagawin mo at magpasyang gawin ito bago pa man magsimula ang pag-aayuno. Itala ang iyong plano sa pahina 6 . Hingin sa Diyos na tulungan kang maisakatuparan ang planong ito.

**Magsagawa**—Dahan-dahang bawasan ang pagkain ilang araw bago ang simula ng pag-aayuno. Iwasan ang mga pagkaing matamis at mamantika. Iwasan din ang nakakapagod na mga gawain at pakikisalamuha sa mga tao sa linggo ng pag-aayuno. Humanap ng makakasama sa pananalangin at papirmahin siya sa pahina 8.

***PAALALA:*** Kumunsulta sa doktor lalo na kung ikaw ay buntis, nagpapasuso, o kaya ay may gamot na iniinom. Kung hindi ka maaaring ganap na mag-ayuno, planuhin kung ano ang pinakamabuting pag-aayuno para sa iyo.

## Habang Nag-aayuno

> *Pero sumagot si Jesus, "Sinasabi sa Kasulatan, 'Hindi lang sa pagkain nabubuhay ang tao kundi sa bawat salita ng Diyos.'"* **MATEO 4:4**

**Magtuon ng pansin**—Maglaan ng oras upang sagutan ang debosyonal na ito. Maging handang tumugon sa Salita ng Diyos at sa sasabihin ng Banal na Espiritu.

**Manalangin**—Makibahagi kahit isang beses lamang sa mga sama-samang pananalangin sa iyong iglesya. Manalangin para sa iyong pamilya, iglesya, pastor, bayan, paaralan, at mga misyon sa buong linggo.

**Magpalakas**—Sa tuwing oras ng pagkain, magbasa ng Bibliya at manalangin. Uminom ng maraming tubig at magpahinga tuwing may oras. Maging handa sa mga pasumpong-sumpong na panghihina, kawalan ng pasensiya, at pagiging mainisin.

## Paghinto sa Pag-aayuno

> [14]*At may kapanatagan tayo sa paglapit natin sa Diyos, dahil naniniwala tayong ibibigay niya sa atin ang anumang hilingin natin na ayon sa kanyang kalooban.* [15]*At kung alam nating nakikinig sa atin ang Diyos, alam nating tinatanggap na natin ang hinihiling natin sa kanya.* **1 JUAN 5:14,15**

**Kumain**—Dahan-dahanin ang muling pagkain ng karaniwan mong kinakain. Kailangan ng katawan mo ng panahon para muling matanggap ang dating dami at uri ng iyong pagkain. Simulan sa prutas, mga inumin, salad, at saka kumain ng gulay. Kumain ng maliliit na bahagi lamang sa buong maghapon.

**Manalangin**—Huwag huminto sa pananalangin! Manalig sa katapatan at sa takdang oras na ibinigay ng Diyos. Isapamuhay sa buong taon ang bago mong taglay na pagmamahal sa Kanya. Manampalataya na sasagutin ng Diyos ang mga panalangin mo.

# ANG AKING PLANO

## Day 1

**Mga Pagpipilian:**

- ☐ Tubig lang
- ☐ Sabaw o inumin lang
- ☐ Agahan, tanghalian, o hapunan lang
- ☐ Iba pa ____________________

**(Mga) Pupuntahang Pagtitipon para Manalangin:**

______________________________

## Day 2

**Mga Pagpipilian:**

- ☐ Tubig lang
- ☐ Sabaw o inumin lang
- ☐ Agahan, tanghalian, o hapunan lang
- ☐ Iba pa ____________________

**(Mga) Pupuntahang Pagtitipon para Manalangin:**

______________________________

## Day 3

**Mga Pagpipilian:**

- ☐ Tubig lang
- ☐ Sabaw o inumin lang
- ☐ Agahan, tanghalian, o hapunan lang
- ☐ Iba pa ____________________

**(Mga) Pupuntahang Pagtitipon para Manalangin:**

______________________________

## Day 4

**Mga Pagpipilian:**

- ☐ Tubig lang
- ☐ Sabaw o inumin lang
- ☐ Agahan, tanghalian, o hapunan lang
- ☐ Iba pa ____________________

**(Mga) Pupuntahang Pagtitipon para Manalangin:**

______________________________

## Day 5

**Mga Pagpipilian:**

- ☐ Tubig lang
- ☐ Sabaw o inumin lang
- ☐ Agahan, tanghalian, o hapunan lang
- ☐ Iba pa ____________________

**(Mga) Pupuntahang Pagtitipon para Manalangin:**

______________________________

# NAGPAPASALAMAT AKO SA DIYOS PARA SA . . .

## Mga Nasagot na Panalangin

Isulat ang mga magagandang nangyari, nasagot na mga panalangin, at mga aral na natutunan mo noong 2019.

# NGAYONG 2020, NANINIWALA AKO SA DIYOS PARA SA . . .

**Nais kong Makamtan para sa Aking Sarili**
Espirituwal na Pagbabagong Buhay • Pisikal na Paggaling • Kaunlaran at Kasaganaan • Masaganang Pagbibigay

**Aking Pamilya**
Pagpapanumbalik ng mga Nasirang Relasyon • Kaligtasan ng Sambahayan

**Aking Pag-aaral/Trabaho**
Kahusayan • Pagtaas ng Posisyon

**Aking Paglilingkod**
Paglago ng Victory Group • Kaligtasan ng mga Kasama sa Trabaho at Kamag-aral

> *"Sinasabi ko rin sa inyo na kung magkasundo ang dalawa sa inyo rito sa mundo na ipanalangin ang anumang bagay, ipagkakaloob ito ng aking Amang nasa langit."* **MATEO 18:19**

**Kasama ko sa Pananalangin:** ______________________________

# NANGANGAKO AKONG MANANALANGIN PARA KINA . . .

| Pangalan | (Mga) Ipinapanalangin |
| --- | --- |

# NANGANGAKO AKONG MANANALANGIN PARA SA . . .

**Aking Iglesya**

Pamunuan ng Iglesya • Pagkakaloob • Pagdidisipulo

**Aking Komunidad**

Mga Paaralan at Institusyong Pang-edukasyon • Lokal na Pamahalaan • Mga Pagkakataon upang Makapaglingkod sa Hindi Miyembro ng Iglesya

**Aking Bansa**

Mga Opisyal ng Pamahalaan • Pagbabagong Espirituwal • Pag-unlad ng Ekonomiya • Kapayapaan at Kaayusan

# EVERY NATION

## Ipanalangin na makapagtatag pa ng maraming iglesya sa iba't ibang bayan.

> *"Hilingin mo sa akin ang mga bansa sa buong mundo, at ibibigay ko ito sa iyo bilang mana mo."* **MGA SALMO 2:8**

Mayroong Every Nation sa tatlumpu't isa sa limampung pinakamapanganib na mga bansa para sa mga tagasunod ni Cristo. Marami sa mga bansa kung saan wala pang iglesya ang Every Nation ay nasa listahang* ito. Manalangin nang may pananampalataya para sa mga mananampalatayang inuusig sa nasabing mga bansa, at ipanalangin ang katatagan para sa mga *church planters* na tutugon sa tawag ng Diyos na tulungan ang mga mamamayan mula sa iba't ibang bayan na sumunod sa Kanya.

*Ang listahan na ito ay mula sa *Open Doors' World Watch List.* Sa kasalukuyan, mayroong iglesya ang Every Nation sa mga bansang binigyan ng diin at naka-italiko.

***Afghanistan***
Algeria
***Azerbaijan***
***Bangladesh***
***Bhutan***
***Brunei***
Central African Republic
***China***
***Colombia***
Egypt
Eritrea
Ethiopia
***India***
***Indonesia***
***Iran***
Iraq
***Jordan***
***Kazakhstan***
***Kenya***
***Kuwait***
***Laos***
Libya
***Malaysia***
***Maldives***
Mali
Mauritania
***Mexico***
Morocco
***Myanmar***
***Nepal***
***Nigeria***
North Korea
***Oman***
***Pakistan***
Palestinian Territories
***Qatar***
Russia
***Saudi Arabia***
Somalia
***Sri Lanka***
Sudan
Syria
***Tajikistan***
Tunisia
***Turkey***
Turkmenistan
***UAE***
***Uzbekistan***
***Vietnam***
Yemen

## Ipanalangin na marami pang mga misyonaryo ang maipadala.

> *"Kaya idalangin ninyo sa Panginoon, na siyang may-ari ng anihin, na magpadala siya ng mga tagapag-ani."* **MATEO 9:38**

Sinabihan tayo ni Jesus na taimtim na manalangin na marami pang mga manggagawa ang maipadala sa anihan—para sa atin, ito ang mga kampus at lungsod sa buong mundo.

9:38

**Tanggapin ang Paghamong 9:38**
Itakda ang 9:38 ng umaga sa iyong *alarm* (o kaya ay gabi kung ito ang mas nais mo). Sa tuwing tutunog ito, ipagdasal ang pagpapadala ng Diyos ng mga *campus missionaries* at *church planters* na buong tapang na magpapahayag ng ebanghelyo sa buong mundo.

## Ipanalangin ang mga EVERY NATION *CAMPUS CONFERENCE* ngayong 2020.

Taon-taon ay nagtitipon-tipon ang mga mag-aaral para sa Every Nation *Campus Conference* upang makapaghanda bilang mga tagapagdala ng ebanghelyo. Ngayong 2020, ang pagtitipon na ito ay nakatuon sa dakilang biyaya ng Diyos. Ang mga mag-aaral sa iba't ibang bahagi ng mundo ay makatatanggap ng pang-unawa sa biyayang ito na magpapalalim ng kanilang ugnayan sa Kanya at magbibigay sa kanila ng kakayahan na maibahagi sa kanilang mga kampus ang biyaya ng Diyos na nagdadala ng pagbabago ng buhay.





## PANIMULA:

# BIYAYANG KAMANGHA-MANGHA

Ang *Amazing Grace* ay isa sa mga kilalang himno ngayon sa mundo. Isinulat ito ni John Newton noong 1772, at ang liriko nito ay tila ayon sa talambuhay niya. Bagama't siya ay lumaking Kristiyano, tinalikuran niya ang kanyang pananampalataya noong kabataan niya at ang kanyang buhay ay patuloy sa pagiging kahabag-habag at kahiya-hiya. Subalit dahil sa kabutihan ng Diyos, habang nagtatrabaho siya sa isang barkong puno ng mga alipin na naglalayag sa Karagatang Atlantiko, humingi si Newton ng kapatawaran sa kanyang mga kasalanan at nanampalataya siya kay Jesu-Cristo bilang kanyang Tagapagligtas. Matapos ang ilang taon, nang siya ay maging tagapagturo ng Salita ng Diyos sa *Anglican Church,* sinulat niya ang mga kataga ng pinahahalagang himno na ito. Nagawang isulat ni John Newton ang mga liriko ng *Amazing Grace* dahil personal niyang naranasan ang kabutihan ng Diyos. Bagama't siya ay labis na makasalanan at walang ginawa upang maging karapat-dapat sa kabutihan at pagmamahal ng Diyos, tinawag siya ng Diyos at iniligtas mula sa kasamaan.

Ang isa pang taong nakaranas ng dakilang kabutihan ng Diyos ay si Abraham. Sa Genesis 12:1, tinawag ng Diyos si Abraham mula sa lahat ng tao sa mundo at dito ay bumuo Siya ng ugnayan. Walang anumang kakaiba kay Abraham upang makatanggap siya ng pagtangi mula sa Diyos. Sa katunayan, sinasabi sa Josue 24:2 na sumasamba siya sa mga diyos-diyosan. Subalit pinili at gumawa ng kasunduan ang Diyos kay Abraham dahil sa Kanyang kabutihan at hindi dahil sa anumang ginawa ni Abraham. Bahagi ng ugnayang ito ang pangako ng Diyos na pagpapalain Niya si Abraham at gagawing tanyag ang kanyang lahi. Bagama't walang anak si Abraham at ang kanyang asawa, tinupad ng Diyos ang Kanyang pangako sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng anak, si Isaac.

Ang lahi ni Abraham, ang mga Israelita, ay patuloy na dumami hanggang sa sila ay maging isang malaking grupo ng tao. Subalit may problema: sila ay mga alipin sa Ehipto. Dahil dito, ipinakita ng Diyos ang dakila Niyang kabutihan nang palayain Niya sila mula sa pagkaalipin sa pamamagitan ng Kanyang kapangyarihan at dalhin sila sa Lupang Ipinangako (Exodus 1–14, at Josue 1–5). Gaya ni Abraham, ang mga Israelita ay walang ginawa upang sila ay maging karapat-dapat na tumanggap ng biyaya ng Diyos. Kabaligtaran nito, matigas ang kanilang ulo at hindi sila sumusunod sa Diyos. Sa halip na tumugon sa kabutihan ng Diyos nang may pagmamahal at katapatan, sila ay sumamba sa mga diyos-diyosan. Kapag dinisiplina na sila ng Diyos, magsisisi sila at susunod sa Kanya, subalit sa sandaling panahon lamang. Higit pa rito ang kailangan upang mabago ang puso ng mga mamamayan ng Diyos.

> ***Dahil dito, muling ipinakita ng Diyos ang Kanyang kabutihan nang ipadala Niya ang Kanyang tanging Anak upang magdala ng kaligtasan. At ang kaligtasang ito ay hindi lamang para sa mga Israelita, kundi para sa lahat ng tao sa mundo.***

Tulad ni Abraham at ng mga Israelita, tayo ay hindi tumanggap ng biyaya at kaligtasan mula sa Diyos dahil sa anumang ginawa natin. Ito ay biyaya ng Diyos nang manampalataya tayo kay Jesu-Cristo at dahil sa ginawa Niya upang iligtas tayo sa pamamagitan ng Kanyang buhay, kamatayan, at muling pagkabuhay. At ang biyayang ito ay hindi lamang nakapagliligtas sa atin, kundi bumabago rin sa ating mga puso. Ngayong linggo, habang pinag-iisipan natin ang dakilang biyaya na natanggap natin sa pamamagitan ng ating Tagapagligtas na si Jesu-Cristo, titignan din natin kung paano tayo nabibigyan ng kapangyarihan na mamuhay bilang mga Kristiyano. Dahil sa biyayang ito tayo ay naligtas, at dahil sa biyayang ito, magagawa nating mamuhay nang may katapatan at pagsunod kay Jesus.

PAGHAHANDA SA PAG-AAYUNO:

# BIYAYANG NAG-UUMAPAW

## BASAHIN | MGA TAGA-ROMA 5:15–21

**JUAN 1:14–18; 1 CORINTO 15:20–26; PAHAYAG 22:1–5**

> *[17]Dahil sa kasalanan ng isang tao, naghari ang kamatayan, pero dahil sa ginawa ng isa pang tao na si Jesu-Cristo ang mga taong tumanggap ng masaganang biyaya at kaloob ng Diyos ay itinuring niyang matuwid, at maghahari sila sa buhay na walang hanggan.... [21]Kaya kung paanong naghari ang kasalanan at nagdulot ng kamatayan, ganoon din naman, naghahari ang biyaya ng Diyos at nagdudulot ng buhay na walang hanggan. At dahil sa ginawa ng ating Panginoong Jesu-Cristo, itinuring tayong matuwid ng Diyos.*
>
> **MGA TAGA-ROMA 5:17,21**

Noong ipinalabas ang *Avengers: Endgame* nakaraang taon, kumita ito ng 1.2 bilyong dolyar sa unang linggo pa lamang, na nagpapakita na gusto ng mga tao sa buong mundo ng isang magandang kwento tungkol sa kabayanihan. Subalit hindi na ito bago. Sa kasaysayan at sa lahat ng kultura, ipinakita ng mga tao na gusto nila ng mga bayani, mga kalalakihan at kababaihan na nagagawang pagtagumpayan ang mga mahihirap na bagay upang talunin ang kasamaan. May kung ano tungkol sa mga bayani na nangungusap sa atin. Lahat tayo ay umaasa na taglay din natin ang mga nakikita natin sa mga bayaning ito, bagama't sa kailaliman ng ating puso, alam nating tayo rin ay nangangailangan ng kaligtasan.

Sa Mga Taga-Roma 5:17, sinabi ni Pablo na ang kasalanan ay nangingibabaw sa ating mga buhay, subalit dahil sa nag-uumapaw na biyaya ng Diyos, tayo ngayon ay nabubuhay kasama ni Cristo. Noong una nating nakilala si Cristo, naranasan natin ang kagalakan na dala ng Kanyang dakilang biyaya, dahil tayo ay napatawad sa ating mga kasalanan at naging mga anak ng Diyos. Subalit sa simula pa lamang ng pagsunod natin kay Jesus ay natutunan na natin na ang ating pakikipaglaban sa kasalanan ay malayo pang matapos at ang biyayang ibinibigay ng Diyos ay kailangan hindi lamang para sa kapatawaran ng kasalanan kundi para sa

pakikipaglaban sa kasalanan.

Sa ika-21 na berso, sinabi ni Pablo na ang biyayang ibinibigay sa atin ay hindi lamang nag-uumapaw kundi naghahari rin sa atin. Ang biyayang ito ay naghahari sa ating kasalanan, naghahari sa mga tukso na kinakaharap natin, naghahari sa ating mga kahinaan, at naghahari sa ating kawalan ng pag-asa. Madalas ay sinusubukan nating pagtagumpayan ang ating mga kasalanan, kahinaan, at kawalan ng pag-asa sa ating kalakasan. Gusto natin na maging mga bayani sa ating sariling mga kuwento. Ngunit hindi ito magaganap sa pamamagitan ng pagsusumikap natin na maging mga sarili nating bayani, kundi sa pagkilala na kailangan natin ng mas nakahihigit na bayani na ibinibigay sa atin ng biyaya ng Diyos.

Sa kabanatang ito ng Mga Taga-Roma, ipinakita ni Pablo kung paano nagtagumpay si Cristo laban sa kasalanan ni Adan, at naging pangunahing bayani na nagtagumpay at tumalo sa kasalanan at kamatayan. Ang biyaya na nag-uumapaw at naghahari sa atin sa pamamagitan ni Cristo ay mas nakahihigit pa sa kapangyarihan ng kasalanan at kamatayan na dating naghari sa ating buhay. Habang nagtitiwala tayo at sumusuko kay Cristo, magagawa nating mamuhay sa katagumpayan na nasa Kanya.

**Dahil sa nag-uumapaw na biyaya ni Cristo, magwawagi tayo sa buhay.**

## NOTES

# PAG-ISIPAN

Isulat ang mga halimbawa kung saan naging bayani si Cristo sa buhay mo sa pamamagitan ng Kanyang biyaya.

Minsan, hindi natin napapansin kung kailan tayo umaasa sa sarili nating kalakasan. Bakit nagiging mahirap minsan na tanggapin ang Kanyang biyaya?

Paano ka nabibigyan ng Kanyang biyaya ng kakayahan na pagtagumpayan ang kapangyarihan ng kasalanan at kamatayan?

# MANALANGIN

> ***Kaya dahil sa kasalanan ng isang tao, ang lahat ay nahatulang maparusahan. Ganoon din naman, dahil sa matuwid na ginawa ng isang tao, ang lahat ay maituturing na matuwid at mabibigyan ng bagong buhay.*** **MGA TAGA-ROMA 5:18**

Panginoon, maraming salamat sa Iyong handog na biyayang nag-uumapaw. Ang Iyong biyaya ay hindi lamang nagligtas sa akin sa kasalanan subalit ngayon ay naghahari rin sa akin sa pamamagitan ng pagiging matuwid ni Cristo. Maraming salamat sa paghahandog ng ganap na sakripisyo upang magkaroon ako ng relasyon sa Iyo. Tulungan Mo akong mamuhay sa Iyong katagumpayan laban sa kasalanan at kamatayan. Pinanghahawakan ko ang Iyong katuwiran sa buhay ko, at salamat sa biyaya Mo na mas malakas sa aking kahinaan. Sa pangalan ni Jesus, Amen.

# BIYAYANG NAGBIBIGAY KATUWIRAN 1

## BASAHIN | TITO 3:3–7

**MGA TAGA-ROMA 3:21–31; MGA TAGA-GALACIA 3:15–21; MGA TAGA-FILIPOS 3:7–11**

> *. . . upang sa kanyang biyaya'y maituring tayong matuwid at makamtan natin ang buhay na walang hanggan na ating inaasahan.*
> **TITO 3:7**

Sa bersong ito, sinasabi ni Pablo na tayo ay maituturing na matuwid sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos. Noong sinasabi ito ni Pablo, ang tinutukoy niya ay *justification* o pagbibigay ng katuwiran. Ang *justification* ay ang isang legal na deklarasyon kung saan inihayag ng Diyos na ang ating kasalanan—nakaraan, kasalukuyan, at hinaharap—ay napatawad na at kung saan inihayag Niya na tayo ay matuwid sa Kanyang paningin. Ang kapahayagan ng ating pagiging matuwid ay hindi naaayon sa ating sariling katuwiran. Sa halip, kung mananampalataya tayo kay Jesus, ang Kanyang pagiging matuwid ang magiging katuwiran natin.

Kung naranasan mo na ang makatanggap ng deposito sa bangko mula sa ibang tao, maiintindihan mo ito. Gaya ng pagdedeposito ng ibang tao ng pera sa bangko sa pangalan mo, ang katuwiran ni Jesus ay inilagay sa ating espirituwal na *bank account* sa pamamagitan ng *justification*. Ito ay dala ng biyaya ng Diyos dahil hindi ito ayon sa anumang nagawa natin, kundi sa ginawa ni Cristo para sa atin.

Sinabi pa ni Pablo na ngayong tayo ay ginawang matuwid sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, natanggap din natin ang bagong pamana—ang pag-asa sa buhay na walang hanggan. Sa pagsisimula nating manalangin at mag-ayuno at magsiyasat sa yaman ng biyaya ng Diyos, mahalaga na dito tayo magsimula. Ang handog na buhay na walang hanggan na napasaatin dahil sa biyaya ng Diyos ay hindi ayon sa mabubuti nating gawa, kundi ayon sa ginawa ni Jesus sa Kanyang buhay, kamatayan, at muling pagkabuhay upang iligtas tayo. Ito ay biyayang handog Niya na natatanggap natin sa pamamagitan ng pananampalataya.

Sa Tito 3:3, sinabi ni Pablo: *"Sapagkat noong una, tayo rin ay kulang sa pang-unawa tungkol sa katotohanan at mga masuwayin. Nilinlang at inalipin tayo ng lahat ng uri ng kahalayan at kalayawan. Naghari sa atin ang masamang isipan at pagkainggit. Kinapootan tayo ng iba, at kinapootan din natin sila."* Ito tayo kung wala si Cristo, at ito pa rin tayo ngayon kung hindi dahil sa biyaya Niya. Sa pagsisimula mo ng linggo ng pagtatalaga ng iyong sarili sa Diyos, ihandog sa Kanya ang papuri at pasasalamat para sa biyayang ipinakita Niya sa ating kaligtasan.

**Dahil sa biyaya ni Cristo na naghahayag na tayo ay matuwid, mayroon tayong buhay na walang hanggan.**

NOTES

# PAG-ISIPAN

Pag-isipan ang isang pagkakataon kung kailan may nagbigay sa iyo ng isang mahalagang regalo na hindi mo kinailangang paghirapan. Ano ang naramdaman mo dahil dito?

Ano ang ibig sabihin ng pagkamatuwid dahil sa biyaya ng Diyos?

Ano ang ilan sa mga paraan na maipapakita mo ang iyong pasasalamat sa Diyos para sa Kanyang biyaya na hindi mo pinaghirapan at naghayag ng iyong pagiging matuwid?

# MANALANGIN

> ***... upang sa kanyang biyaya'y maituring tayong matuwid at makamtan natin ang buhay na walang hanggan na ating inaasahan.*** **TITO 3:7**

Panginoon, kung wala ang biyaya Mo, hindi kita matatawag na Ama sa Langit. Maraming salamat sa pagbibigay sa akin ng katuwiran at pag-asa—buhay na walang hanggan sa piling Mo. Ang biyaya Mo ay nagdala sa akin sa tamang ugnayan sa Iyo sa kabila ng nakaraan ko. Nagsisisi ako sa mga kasalanang hindi ko pa mapagtagumpayan kahit pa alam ko na maaari akong lumapit sa Iyong trono at na naririnig Mo ang aking mga panalangin. Ibinigay Mo sa akin ang katuwiran ni Cristo, ang katuwiran na hindi ko kailanman dapat matanggap sa aking sariling pagsisikap. Ibinibigay ko sa Iyo ang papuri at pagdakila na nararapat Mong matanggap. Tulungan Mo akong maalala ang Iyong biyaya na nagbigay sa akin ng katuwiran. Ito ang dalangin ko sa pangalan ni Jesus. Amen.

# BIYAYANG NAG-AANYAYA

# 2

## BASAHIN | MGA HEBREO 4:12–16

**MGA TAGA-EFESO 3:7–13; MGA HEBREO 7:15–19; 10:19–25**

> *Kaya huwag tayong mag-atubiling lumapit sa trono ng maawaing Diyos para matanggap natin ang awa at biyayang makakatulong sa atin sa panahon ng pangangailangan* **MGA HEBREO 4:16**

Anumang sandali, mayroong mahigit sa isang milyong taong sumasakay sa eroplano sa buong mundo. Maaaring ang paglalakbay nila ay para sa negosyo o kaya ay bakasyon, subalit isang bagay ang mayroon silang lahat—silang lahat ay may *ticket*. Kung walang *ticket*, imposibleng makalagpas sila sa mga guwardiya, lalo na ang makasakay sa eroplano. Ang mga pampasaherong eroplano ay hindi para sa mga walang *ticket*.

Para sa mga Israelita, ang lugar na hindi nila maaaring pasukin sa tabernakulo ay ang Pinakabanal na Lugar, o ang pinakaloob na bahagi. Ang banal na lugar na ito kung saan nananahan ang presensya ng Diyos ay nakahiwalay sa ibang bahagi ng tabernakulo sa pamamagitan ng isang tabing. Ang punong pari lamang ang maaaring pumasok sa lugar na ito sa Araw ng Pagtubos kung kailan nagbibigay siya ng handog na sakripisyo para sa kasalanan ng mga tao. Sinabi ng sumulat ng Mga Hebreo na si Jesus ang nagsilbing Punong Pari natin. Dahil sa ginawa Niya para sa atin sa krus, ang tabing ay nahati sa dalawa, kung kaya't ang lahat ng nananampalataya kay Jesus ay maaari nang lumapit sa presensiya ng Diyos. Si Jesus ang ating *ticket* upang makapasok sa isang lugar kung saan hindi tayo pinapayagang pumasok. At hindi lamang pagpasok sa lugar na ito ang ginawa Niya, bagkus Siya rin ay naging daan upang magkaroon tayo ng ugnayan sa Diyos.

Ngunit, maraming pagkakataon sa buhay natin ang pumipigil sa atin na gamitin ang daan na ito palapit sa presensya ng Diyos. Maaaring ito ay dahil sa kahihiyan na dala ng nagpapatuloy nating kasalanan, o kaya ay maling akala na dala ng napakaraming pagdurusa. Minsan naman ay nagiging masyado tayong tutok sa misyon na hindi na tayo tumatakbo

palapit sa Diyos upang makasama Siya. Ito ay kagagawan ng kaaway upang pigilan tayong lumapit sa Kanya dahil alam niya na sa piling ng Diyos, makakatanggap tayo ng awa at biyaya upang matulungan tayo sa oras ng pangangailangan. Ang pakikipag-ugnayan sa Diyos at pagtanggap ng Kanyang biyaya ang nagbibigay sa atin ng kakayahan na talikuran ang kasalanan, magtiyaga sa gitna ng paghihirap, at matupad ang Kanyang misyon.

**Dahil sa biyaya ni Cristo na nag-aanyaya sa atin, magagawa nating lumapit sa Diyos.**

## NOTES

# PAG-ISIPAN

Ipinapahayag ng mga bata ang kanilang pangangailangan at hinahanap ang kanilang mga magulang nang walang pag-aalinlangan. Gaano ka kadalas lumalapit sa Diyos nang may pananampalataya na gaya ng isang bata?

Ano ang ilan sa mga paniniwalang pinagtatalunan mo pa sa iyong isipan ang pumipigil sa iyo na tanggapin ang paanyaya ni Cristo? Isulat ang mga kasagutang may katotohanan at naaayon sa Bibliya para sa mga paniniwalang ito.

Ano ang ilan sa mga praktikal na bagay na magagawa mo upang makalapit ka sa Diyos?

# MANALANGIN

> ***Kaya huwag tayong mag-atubiling lumapit sa trono ng maawaing Diyos para matanggap natin ang awa at biyayang makakatulong sa atin sa panahon ng pangangailangan.*** **MGA HEBREO 4:16**

Ama sa Langit, ang biyaya Mo ay nagbigay sa akin ng daan upang magkaroon ng relasyon sa Iyo. Inihahayag ko na ang kahihiyan na dala ng aking nakaraan at ang pag-aalala ko sa kung sino ako dati ay maaaring pumigil sa akin na lumapit sa Iyong trono. Napagtagumpayan Mo ang kamatayan upang maanyayahan akong lumapit sa Iyong presensya. Panginoon, alam Mo kung ano ang mga pinagdadaanan ko at tinatawag Mo ako na lumapit sa Iyo. Tulungan Mo akong marinig ang Iyong tinig at magkaroon ng kasiguruhan na lumapit sa Iyo sa oras ng kahirapan at kasiyahan. Sa pangalan ni Jesus, Amen.

# BIYAYANG NAGPAPABANAL

3

## BASAHIN | TITO 2:11–14

**1 CORINTO 6:9–11; 1 TESALONICA 4:1–8; MGA TAGA-FILIPOS 2:12,13**

> [11]*Sapagkat ang biyaya ng Diyos na nagbibigay ng kaligtasan ay inihayag na sa lahat ng tao.* [12]*Ito ang nagtuturo sa atin na talikuran ang kasamaan at makamundong pagnanasa. Kaya mamuhay tayo sa mundong ito nang maayos, matuwid at makadiyos …* **TITO 2:11,12**

Ang pagiging *life coach* ay nagiging kilala na sa buong mundo. Ang *International Coaching Federation* ay nakapagtala noong 2012 ng 47,500 na mga *life coach* sa 140 na mga bansa, na sumisingil ng 229 na dolyar kada oras upang magbigay gabay sa mga tao tungkol sa tamang gawin sa kanilang mga sitwasyon. Tinutulungan ng isang *coach* ang kanyang mga pasyente na maging responsable sa sarili nilang buhay sa pamamagitan ng pagtatanong ng mga bagay na magbibigay ng liwanag sa kanilang isipan. Nagbibigay din siya ng lakas ng loob upang matupad ng kanyang mga pasyente ang mga mabubuti nilang layunin.

Tayo rin ay may *life coach* para sa ating pamumuhay bilang mga Kristiyano, at ito ang biyaya ng Diyos. Sa berso na binanggit, "nagtuturo sa bata" ang kahulugan ng orihinal na salita na ginamit para sa salitang "nagtuturo." Sa kasalukuyang panahon, ang mas angkop na tawag dito ay *life coach.* Ang biyaya ng Diyos ay *nagtuturo sa atin na talikuran ang kasamaan at makamundong pagnanasa,* at *mamuhay sa mundong ito nang maayos, matuwid at makadiyos.*

Si Tito ay nasa Crete nang makatanggap siya ng liham mula kay Pablo. Ang Crete ay dating isang kilalang sibilisasyon. Subalit ito ay naging makamundo, at sa ganitong sitwasyon, ang kaisipan tungkol sa biyaya ng Diyos ay nababaluktot sa pang-unawa ng mga mananampalataya ng Crete. Malamang na ito ang kanilang nagiging kadahilan: "Ang kaligtasan ay sa pamamagitan lamang ng pananampalataya at wala tayong naidaragdag dito. Kung ang pag-uugali natin ay walang kinalaman sa ating kaligtasan, maaari tayong mamuhay ayon sa ating kagustuhan at umasa na hindi

pupunahin ng Diyos ang ating mga kasalanan." Ang pananaw na ito ay mahigpit na tinutulan ni Pablo sa kanyang liham at sa iba pa niyang mga isinulat.

Itinuturo sa atin ng Bibliya na ang biyaya ng Diyos ay nagliligtas sa atin at nagbibigay sa atin ng kalakasan na tanggihan ang kasalanan at mamuhay nang may kabanalan. Ito ang proseso ng pagpapabanal. Ang pagpapabanal ay ginagawa ng biyaya ng Diyos, at tayo ay tinawag upang makibahagi dito. Tulad sa proseso ng *coaching*, dapat nating angkinin ang responsibilidad at makibahagi sa prosesong ito. Ang biyaya ng Diyos ay kumikilos ngayon sa buhay mo, at nagbibigay ng *coaching* o pagtuturo upang talikuran mo ang kasalanan at makapamuhay ka nang may kabanalan.

**Dahil sa pagpapabanal na ginagawa ni Cristo sa atin, kaya nating tumanggi sa kasalanan.**

## NOTES

# PAG-ISIPAN

Sa iyong palagay, mahalaga ba na may taong nagtatanong sa iyo, naglilinaw ng mga bagay, at nagpapalakas ng iyong loob at umaayon sa mga positibo mong layunin? Bakit?

Paano naipapakita ng Diyos ang pagiging "*coach*," gamit ang Kanyang biyaya at proseso ng pagpapabanal upang maisapamuhay natin ang pagiging Kristiyano?

Ang biyaya ng Diyos ay nagtuturo at nagtatama ng ating mga kamalian upang tayo ay maging tulad ni Cristo at matanggihan natin ang kasalanan. Paano mo nakita ang pagpapabanal na ginagawa ng Diyos sa buhay mo?

# MANALANGIN

> *[11]Sapagkat ang biyaya ng Diyos na nagbibigay ng kaligtasan ay inihayag na sa lahat ng tao. [12]Ito ang nagtuturo sa atin na talikuran ang kasamaan at makamundong pagnanasa. Kaya mamuhay tayo sa mundong ito nang maayos, matuwid at makadiyos . . .* **TITO 2:11,12**

Ama sa Langit, maraming salamat dahil ang biyaya Mo ay nagliligtas at bumabago sa akin. Binigyan Mo ako ng kapangyarihan na tularan Ka, sumunod sa Iyo, at mamuhay nang may kabanalan. Turuan Mo ako na isuko ang mga ikinilos at binigkas ko bago Kita nakilala. Baguhin Mo po ang mga pagnanasa ko at iayon ito sa plano Mo sa buhay ko. Jesus, nagpapasalamat po ako sa araw-araw na pagiging kapiling Mo, upang ako ay maging mas katulad Mo. Ipinapanalangin ko na ang kaligtasan Mo ay patuloy na kumilos sa buhay ko upang mabigyan Ka ng papuri at kaluwalhatian. Sa pangalan ni Jesus, amen.

# BIYAYANG NAGBIBIGAY KASAGANAAN 4

## BASAHIN | 2 CORINTO 9:6–11

**MGA KAWIKAAN 11:24,25; LUCAS 6:30–38; MGA TAGA-FILIPOS 4:17–19**

> *[8]At magagawa ng Diyos na ibigay sa inyo ang higit pa sa inyong mga pangangailangan, para sa lahat ng panahon ay maging sapat kayo sa lahat ng bagay, at lagi ninyong matutulungan ang iba. . . . [11]Pasasaganain kayo ng Diyos sa lahat ng bagay para lagi kayong makatulong sa iba. At marami ang magpapasalamat sa Diyos dahil sa tulong na ipinapadala ninyo sa kanila sa pamamagitan namin.*
>
> **2 CORINTO 9:8,11**

Si John Wesley, ang nagtatag ng *Methodist Church,* ay tapat sa pagiging mapagbigay. Noong 1731, ang kinikita niya ay 30 *pounds* samantalang ang gastos niya ay 28 *pounds*. Sa halip na gamitin ang natitirang 2 *pounds* para sa sarili niya, nagdesisyon siyang ibigay ito sa mga mahihirap. Matapos ang ilang panahon, nang maging doble na ang kinikita niya, patuloy pa rin siyang nabuhay sa 28 *pounds* upang mas makapagbigay pa siya sa mga mahihirap. Kahit na ang kinikita niya ay libo-libo na, nabuhay pa rin siya sa 28 *pounds* at ipinamigay ang natitira. Lubos na biniyayaan ng Diyos ang buhay ni Wesley, subalit naintindihan niya ang higit na mahalagang bagay: siya ay pinayaman ng biyaya ng Diyos upang maibahagi niya ang mga ito sa iba pang tao.

Sa 2 Corinto 9, si Pablo ay kumukuha ng koleksiyon para sa mga mahihirap sa Jerusalem, at ipinaliwanag niya ang biblikal na pananaw sa pagiging mapagbigay. Maging marami o kaunti man ang mayroon tayo, tayo ay tinawag upang magbigay nang may kagalakan. Ito ay isang simpleng prinsipyo at madaling maintindihan, subalit mahirap ito isapamuhay. Ang pagmamahal sa pera ay maaaring bumihag sa ating mga puso sa iba't ibang kadahilanan at iba't ibang kaparaanan. Madaling magtiwala sa pera para sa ating seguridad, kahalagahan, at kapangyarihan.

Subalit, ang mga bagay-bagay ay nagsisimulang magbago nang makilala natin ang Diyos ng Bibliya—ang nagbigay ng Kanyang tanging Anak, ang nagbibigay ng nag-uumapaw na biyaya. Sa patuloy nating pagtitiwala sa

Diyos na mapagbigay, pinagyayaman Niya ang lahat ng bahagi ng ating buhay, na nagbibigay sa atin ng pagkakataon na maranasan ang kabuuan ng Kanyang biyaya. Sa biyaya ng Diyos, ang kapit ng pera sa ating mga puso ay unti-unting humihina at nagagawa nating maging mapagbigay. Ang Diyos, na labis ang pagiging mapagbigay sa atin, ay patuloy tayong bibigyan ng kakayahan na gumawa ng mabubuting bagay.

**Dahil sa biyaya ni Cristo na nagbibigay sa atin ng kakayahan, kaya nating maging mapagbigay.**

## NOTES

# PAG-ISIPAN

Balikan ang isang pagkakataon kung kailan nagbigay ka nang may kasiyahan. Bakit naging masaya ang prosesong ito para sa iyo?

Ang biyaya ng Diyos ay makikita sa Kanyang kakayahan at kagustuhan na iligtas tayo at ibigay ang ating mga pangangailangan. Isulat ang ilan sa mga paraan kung paano tinugunan ng Diyos ang iyong mga pangangailangan.

Paano naging magkaugnay ang biyaya ng Diyos at ang pagbibigay?

# MANALANGIN

*Pasasaganain kayo ng Diyos sa lahat ng bagay para lagi kayong makatulong sa iba. At marami ang magpapasalamat sa Diyos dahil sa tulong na ipinapadala ninyo sa kanila sa pamamagitan namin.* **2 CORINTO 9:11**

Panginoon, pinaparangalan Kita dahil naging labis Kang mapagbigay sa akin sa hindi mabilang na paraan. Wala akong ginawa upang maging karapat-dapat na tumanggap ng Iyong kabutihan at pagpapala, ngunit pinag-uumapaw Mo pa rin ito sa buhay ko. Kahit ang mga ginagawa ng sarili kong kamay ay nagagawa ko dahil sa Iyong kapangyarihan. Maraming salamat sa pagmamahal Mo sa akin! Ipinapanalangin ko na ang puso ko ay mabago ng Iyong biyaya upang maipakita nito ang Iyong pagiging mapagbigay. Tulungan Mo akong makita na ang Iyong mga pagpapala ay ibinigay Mo sa akin upang maibahagi ko ang Iyong pagkamapagbigay sa mga tao sa aking paligid. Hinihiling ko na ako ay tulungan Mo upang makapagtanim ako ng pananampalataya, buo ang tiwala na marami ang aanihin ko upang ako ay lalo pang makapagbigay. Sa pangalan ni Jesus, Amen.

# BIYAYANG SAPAT

# 5

## BASAHIN | 2 CORINTO 12:1–10

**ISAIAS 40:27–31; 43:1,2; MATEO 5:2–11; 2 CORINTO 3:3–7**

> *Ngunit sinabi ng Panginoon sa akin, "Sapat na sa iyo ang aking biyaya, dahil ang kapangyarihan ko'y nakikita sa iyong kahinaan." Kaya buong galak kong ipinagmamalaki ang aking mga kahinaan, nang sa ganoon ay lagi kong maranasan ang kapangyarihan ni Cristo.*
> **2 CORINTO 12:9**

Ang *banana bread*, isang uri ng tinapay, ay ginawa sa Estados Unidos upang mapakinabangan ang mga saging na labis na sa pagkahinog. Ang mga saging na ito ay labis nang malambot at masama na ang lasa. Subalit kung ihahalo sa mantikilya, asukal, at harina, ito ay magiging isang masarap na pagkain. Ganito rin ang nangyayari kapag tayo ay dumaranas ng mga pagsubok.

Ang mga pagsubok natin ang pagawaan ng biyaya ng Diyos. Sa buhay man na ito o sa inaasahan nating buhay sa hinaharap, kumikilos ang Diyos at binabago ang mga bulok at masasakit na bagay sa ating buhay at ginagawa silang matatamis at magagandang bagay. Lagi Niyang ginagawa ang mga bagay para sa ikabubuti natin.

Sa 2 Corinto 12, sinabi ni Pablo sa mga mambabasa niya na binigyan siya ng Diyos ng kapansanan sa katawan. Nang makiusap siya sa Panginoon na tanggalin ito, sinabi ng Panginoon sa kanya: *"Sapat na sa iyo ang Aking biyaya, dahil ang kapangyarihan Ko'y nakikita sa iyong kahinaan."* Hindi mabilang na oras ang naigugol sa pag-alam kung ano ang kapansanan sa katawan na sinasabi ni Pablo, subalit maaari rin na hindi niya ito nilinaw upang sa buong kasaysayan, ang mga Kristiyano ay mababasa ito at mailalagay ang kanilang mga sarili sa kanyang sitwasyon. Lahat tayo ay may kapansanan, mga sitwasyon at pagsubok na nagdadala sa atin ng pasakit at paghihirap. Subalit ang mabuting balita ay ang mga salitang sinabi ng Panginoon kay Pablo ay sinasabi rin Niya ngayon sa atin: "Sapat na sa iyo ang Aking biyaya."

Siya na nagpapahintulot ng kapansanan ay Siya ring nagsuot ng koronang tinik sa krus habang pasan-pasan Niya ang ating kasalanan. Siya na pumasok sa paghihirap ng mundo upang tubusin ito ay Siya ring lumalakad kasama natin sa gitna ng ating mga pagsubok. Anuman ang ating kapansanan, ang biyaya ni Cristo ay sapat para sa atin sa gitna ng pinakamabibigat nating mga pagsubok at pinakamalalalim na hinanakit. Sapat ito ngayon at sapat ito bukas.

**Dahil sa sapat na biyaya ni Cristo, kaya nating magtiyaga sa oras ng paghihirap.**

## NOTES

# PAG-ISIPAN

Paano ka tumutugon sa mga paghihirap sa buhay?

Ano ang ipinakita sa iyo ng tugon ni Jesus sa tanong ni Pablo tungkol sa biyaya ng Diyos?

Paano binago ng pagkakaunawa na sapat ang biyaya ng Diyos ang paraan mo ng pagtugon sa mga pagsubok?

# MANALANGIN

> ***Ngunit sinabi ng Panginoon sa akin, "Sapat na sa iyo ang aking biyaya, dahil ang kapangyarihan ko'y nakikita sa iyong kahinaan." Kaya buong galak kong ipinagmamalaki ang aking mga kahinaan, nang sa ganoon ay lagi kong maranasan ang kapangyarihan ni Cristo.*** **2 CORINTO 12:9**

Ama sa Langit, wala akong pasakit at pagdurusa na hindi Mo pansin dahil nakikita Mo ako. Kaya kong magtiwala sa Iyo dahil hindi Mo ako iniiwan sa oras ng paghihirap. Ang biyaya Mo ay sapat para sa akin. Ipaalala Mo po sa akin na ang Iyong kapangyarihan ay nakikita sa aking kahinaan. Panginoon, kung ako ay nagmamalaki dahil sa sarili kong kapangyarihan at kalakasan, gawin Mo po akong mapagpakumbaba. Idinadalangin ko na ang pangalan Mo ay mabibigyan ng papuri sa lahat ng kapanahunan sa buhay ko. Sa Iyo ang lahat ng papuri at luwalhati at kapangyarihan. Sa pangalan ni Jesus, amen.

PAGHINTO SA PAG-AAYUNO:

# BIYAYANG NAGTATAGUMPAY

## BASAHIN | MGA TAGA-ROMA 6:12–18

**2 CORINTO 5:17; MGA TAGA-COLOSAS 3:5–10; 1 PEDRO 2:24,25**

> *Sapagkat hindi na dapat maghari pa sa inyo ang kasalanan, dahil wala na kayo sa ilalim ng Kautusan kundi sa ilalim na ng biyaya ng Diyos.* **MGA TAGA-ROMA 6:14**

Sa larong *Monopoly* kung saan ang mga naglalaro ay gumagamit ng board na may mga hanay ng pag-aari na maaaring bilhin, ang mga manlalaro ay nagpapaikot-ikot at sinusubukang mamili ng mga ari-arian upang kumita ng malaking halaga. Ang isa sa pinakainiiwasan na maaaring mangyari sa larong ito ay ang makulong kung saan maaari kang hindi makasali sa laro ng ilang beses. Subalit minsan, maganda ang takbo ng iyong laro at nakakakuha ka ng baraha na nagsasabing *"get out of jail free,"* na kapag ginamit mo ay magagawa mong lumaya sa pagkakakulong nang hindi nagbabayad.

Minsan, ipinapahayag natin ang ebanghelyo na tila ito ay isang baraha na nagsasabing *"get out of hell free."* Kapag ginagawa natin ito, pinaliliit natin ang halaga ng kaligtasan na ibinibigay sa atin ni Jesus. Bagama't ang kaligtasan ay kalayaan mula sa impiyerno, ito ay higit pa rito. Ito ang sinabi ni Charles Spurgeon noong nagpahayag siya ng mensahe na mula sa Mga Taga-Roma 6:14: "Ang ibig sabihin natin sa kaligtasan ay ito—kalayaan sa pagmamahal sa kasalanan, pagsagip sa mga kaugalian na nabubuo ng kasalanan, kalayaan sa kagustuhan na magkasala." Dahil dito, ang kaligtasan na ibinibigay sa atin ni Jesus ay hindi lamang kalayaan mula sa impiyerno, kundi kalayaan mula sa kapangyarihan ng kasalanan.

Ang kautusan ay hindi kailanman nagkaroon ng kapangyarihan na magawa ito. Sa halip, ang kautusan ay nagpapakita na tayo ay nakatali pa rin sa kasalanan sa pamamagitan ng pagpapakita sa atin na malayong-malayo ang ibinagsak natin mula sa pamantayan ng kabanalan ng Diyos. Ang ebanghelyo lamang ni Jesu-Cristo, ang ebanghelyo ng biyaya ng Diyos, ang nakapagpapalaya sa atin mula sa kapangyarihan ng kasalanan. Ang tiningnan natin ngayong linggo ay ang katotohanan na ang ebanghelyo ay ebanghelyo ng biyaya ng Diyos mula sa umpisa hanggang sa huli. Subalit, hindi ito nangangahulugan na maaari na tayong mamuhay nang ayon sa ating kagustuhan. Sa halip, ang biyaya ng Diyos ay may taglay na kapangyarihan upang disiplinahin tayo. Dahil sa biyaya ng Diyos, tayo ay napalaya sa kaharian ng kasalanan at nabigyan ng kakayahan na mamuhay nang matuwid.

**Dahil sa nagtatagumpay na biyaya ni Cristo, maaari tayong mamuhay nang may kalayaan mula sa kasalanan.**

## NOTES

# PAG-ISIPAN

Ang biyaya ng Diyos ay nagbibigay sa atin ng disiplina at kakayahan na isapamuhay ang buhay Kristiyano, malaya mula sa kapangyarihan ng kasalanan at may kalakasan na tumanggi sa tukso. Ano ang ilang bagay sa buhay mo na nangangailangan ng biyaya ng Diyos upang mapagtagumpayan mo?

Matapos ang linggo na ito ng pananalangin, pag-aayuno, at pagtatalaga, paano nabago ng bagong pananaw tungkol sa biyaya ng Diyos ang buhay mo?

Paano mo ipapaliwanag ang biyaya ng Diyos sa iba?

# MANALANGIN

> *Sapagkat hindi na dapat maghari pa sa inyo ang kasalanan, dahil wala na kayo sa ilalim ng Kautusan kundi sa ilalim na ng biyaya ng Diyos.*
> **MGA TAGA-ROMA 6:14**

Panginoon, pinalaya Mo po ako mula sa kapangyarihan ng kasalanan, at pinili kong mamuhay nang ayon sa kagustuhan Mo sa pamamagitan ng Iyong biyaya. Napagtagumpayan Mo ang libingan, kasalanan, at kamatayan, na nagbigay sa akin ng kakayahan na mamuhay bilang isang indibidwal na dinala sa buhay mula sa kamatayan. Panginoon, bigyan Mo po ako ng masidhing paghahangad na mamuhay sa Iyong biyaya na bumago ng buhay ko at patuloy na bumabago sa mga ninanais ko. Nagpapasalamat po ako dahil sa ang handog Mong biyaya ay nagtagumpay laban sa kasalanan na nagsilbing daan upang ako ay mapalapit sa Iyo. Ako ay nagtitiwala sa Iyong biyaya dahil alam ko na ako ay hinuhubog Mo upang maging katulad Mo. Sa pangalan ni Jesus, amen.

EVERY NATION

Every Nation is a global family of churches and ministries that exists to honor God by establishing Christ-centered, Spirit-empowered, socially responsible churches and campus ministries in every nation.

**EveryNation.org/Fasting**

**#ENFAST2020**